

Bangkok Workshop – Session 4: Sunday 8 May 2022

Monitoring, Evaluation and Learning (MEL) Framework

Ano ang MEL Framework?

Ang [Voluntary Guidelines for Securing Sustainable Small-Scale Fisheries in the Context of Food Security and Poverty Eradication](#) (SSF Guidelines) ay inendorso ng FAO Committee on Fisheries (COFI) noong 2014. Bilang pagsusulong ng *human rights-based approach* (gabay sa makataong karapatan), ang mga ito ay binuo sa pamamagitan ng isang partisipasyong proseso kung saan ang mga organisasyong sibilyan, kabilang ang ICSF, ay gumanap ng malaking papel.

Mayroon nang matagal at malawak na interes mula sa mga nagsisikap upang isulong ang SSF Guidelines upang bumuo ng Framework ng Monitoring, Evaluation, and Learning (MEL) na sumusuporta sa kanilang pagpapatupad. Ang SSF Guidelines mismo ay nanawagan para sa isang sistema ng pagsubaybay na nagbibigay-daan para sa pagtatasa ng progreso tungo sa pagpapatupad ng mga layunin nito at mga rekomendasyon (talata 13.4), at ang paglahok ng maliliit na komunidad pangpangisdaan sa mga gawaing pagsubaybay (13.5). Bilang karagdagan sa pagsubaybsay sapagpapatupad, maaaring gamitin ang MEL Framework upang matukoy ang mga puwang at hamon sa pagkamit sa mga prinsipyo at kasanayan sa SSF Guidelines, at pag-unawa sa mga epekto ng matagumpay at malawakang pagpapatupad ng mga ito.

Sa pagitan ng 2020 at 2021, isang draft na MEL Framework ang binuo ng FAO at WorldFish, batay sa isang masinsinang pagsusuri sa SSF Guidelines at mga pangunahing tematikong paksa (Kabanata 5-9). Ang burador [draft] na ito ay humalaw din mula sa iba pang nauugnay na balangkas sa pagsubaybay, tulad ng Sustainable Development Goals (SDGs) at UN Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP). Ang burador [draft] na MEL Framework ay binubuo ng mga iminungkahing *impact pathway* para sa mga tematikong na paksa ng SSF Guidelines, at mga nauugnay na *indicator* para masubaybayan ang mga epektong ito. Noong 2021, idinaos ang ilang ekspertong konsultasyon para suriin at paghusayin ang burado [draft].

Mula noong Marso 2022, isinampa ng ICSF sa balikat nito ang gawain upang lalo pang mapino at maisapinal ang MEL Framework, at pag-draft ng isang *handbook* na nagbibigay gabay sa kung paano gamitin ang *Framework*. Sa diwa ng ng SSF Guidelines, ang prosesong ito ay isasagawa sa paraang *participatory* na magpapatupad sa pagbibigay kontribusyon ng mga maliliit na aktor mula sa komunidad sa pangisdaan. Kapag natapos na ito, ang mga nilalayong gagamit ng MEL Framework ay ang mga pamahalaan o organisasyong gustong suriin ang pag-unlad ng pagpapatupad ng SSF Guidelines sa nasyunal na antas sa paraang *participatory*. Ang pangunahing layunin ng MEL Framework ay suportahan at isulong pa ang pagpapatupad ng SSF Guidelines, na nagbibigay-diin sa kung saan naganap ang pag-unlad, at kung saan may mga kahinaan pa rin na dapat tugunan.

Mga Gabay na Tanong para sa Talakayan

- 1) Aktibo bang ipinapatupad ng iyong pamahalaan ang SSF Guidelines? Paano mo gustong gamitin ng iyong gobyerno ang MEL Framework?
- 2) Ano ang mga tanong mo tungkol sa pagpapatupad ng SSF Guidelines sa iyong bansa?
- 3) Anong mga tanong ang dapat isama sa Handbook, na gagabay sa mga aktor sa paggamit ng MEL Framework?
- 4) Paano mo naiisip na aakma ang MEL Framework sa bottom-up na proseso ng pagsubaybay sa SSF Guidelines (halimbawa: People's Tribunals)?